REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

***Tanggapan ng Pangalawang Kalihim***
***Office of the Undersecretary***

Direct Line: 687-41-46
Fax No.: 636-48-79
Trunk Line: 632-13-61 locals 2004 / 2106
E-Mail Address: hidalgo@i-next.net

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 125 , s. 2002

**JUL 18 2002**

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2002

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Rehiyon
Direktor ng Lingkurang Sentro at mga Puno ng Yunit
Tagapamahala ng mga Paaralan
Patnugot ng mga Pribadong Paaralan, Elementarya at Sekundarya

1. Bilang pag-alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, ang Buwan ng Wikang Pambansa 2002 ay ipagdiriwang sa Agosto 1-31. Pangungunahan ito ng Komisyon sa Wikang Filipino. Ang paksang-diwa ng pagdiriwang sa taong ito ay "Wikang Filipino Tungo sa Globalisasyon".

2. Hinati sa sumusunod na mga paksa para sa bawat linggo ang isang buwang pagdiriwang:

- Agosto 1-7 — Wikang Filipino sa Diseminasyon ng Impormasyong Teknikal
- Agosto 8-14 — Wikang Filipino sa Larangan ng Negosyo
- Agosto 15-21 — Wikang Filipino sa Larangan ng Edukasyon
- Agosto 22-28 — Wikang Filipino sa Preserbasyon ng Kulturang Pilipino
- Agosto 29-31 — Wikang Filipino sa Pagkakaisa ng Sambayanan

3. Kalakip nito ang Palatuntunan ng mga Gawain para sa isang buwang pagdiriwang.

4. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

FE A. HIDALGO
Pangalawang Kalihim

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran: Blg. 220, s. 2001
Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CELEBRATIONS & FESTIVALS　　Learning Area, FILIPINO

Rea/Madel:c:dm2002/7/17

(Kalakip sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 125, s. 2002)

## BUWAN NG WIKANG PAMBANSA
Agosto 1-31, 2002

Paksa : **WIKANG FILIPINO TUNGO SA GLOBALISASYON**

Mga Paksa sa Bawat Linggo:

### Agosto 1-7, 2002 Wikang Filipino sa Diseminasyon ng Impormasyong Teknikal

1. Pagdaraos ng lingkurang pagsasanay para sa mga kawani ng pamahalaan at maging ng mga paaralang publiko sa pagsasapanahon ng kaalaman sa paggamit ng pinakabagong ekwipment sa komunikasyon na Filipino, ang ginagamit na wika sa talakayan.

2. Pagpapasok sa website ng mga impormasyon tungkol sa wikang Filipino na may salin sa Ingles.

3. Pagdaraos ng debate tungkol sa maganda at di magandang epekto ng globalisasyon na Filipino ang wikang gamit.

### Agosto 8-14, 2002 Wikang Filipino sa Larangan ng Negosyo

1. Pakikipag-ugnayan sa mga kapitalista sa pamayanan upang hikayatin silang gamitin ang Filipino sa kanilang negosyo, halimbawa, sa mga paliwanag sa kanilang produkto o sa paglalagay ng label sa kanilang mga produkto (na may salin sa Ingles at sa katutubong wika ng pamayanan).

2. Pagdaraos ng eksibit ng mga pangunahing negosyo at produkto sa pamayanan o rehiyon na ang paliwanag ay sa Filipino.

3. Pagdaraos ng isang seminar-worksyap sa pamayanan na ang paksa ay pagsasalin sa Filipino ng mga katawagang panghanapbuhay ng particular na okupasyon sa pook.

### Agosto 15-21, 2002 Wikang Filipino sa Larangan ng Edukasyon

1. Pagdaraos ng paligsahan sa paggawa ng poster na naglalarawan sa paksang-diwa ng Buwan ng Wika 2002.

2. Pagsasagawa ng mga saliksik tungkol sa kalagayan ng pagtuturo ng Filipino sa ibang bansa.

3. Pakikipanayam sa mga dayuhang mag-aaral sa Pilipinas upang malaman ang saloobin nila sa pagkatuto ng isang banyagang wikang tulad ng Filipino.

Agosto 22-28, 2002 Wikang Filipino sa Preserbasyon ng Kulturang Pilipino

1. Pagsasaliksik sa kultura ng iba't ibang rehiyon at pagpapasok ng nakalap na impormasyon sa website na Filipino at Ingles ang wikang gamit.

2. Pag-iimbita ng isang balikbayan para magsalita sa isang palatuntunan upang magbahagi ng kanyang karanasan sa dayuhang kultura.

3. Pag-aayos/pagdedekorasyon ng mga silid-aralan na naglalarawan ng paksa para sa linggong ito.

Agosto 29-31, 2002 Wikang Filipino sa Pagkakaisa ng Sambayanan

1. Pagpapasulat ng pormal at di pormal na sulatin tungkol sa paksa sa linggong ito.

2. Pagdaraos ng palatuntuanan para sa isang buwang pagdiriwang.

3. Pakikipanayam sa mga lider ng pamayanan tungkol sa kahalagahan ng paggamit ng Filipino sa pagkakaloob ng serbisyo sa publiko.

LFM/junn
Hulyo 01, 2002